

Marso 18, 2020

Mahalagang abiso mula sa Departamento ng Pag-unlad ng mga Serbisyo tungkol sa Karagdagang Pagbabago sa Kautusan para sa mga In-person na Pagpupulong, mga Serbisyo, Oras ng Pagtugon at mga Taning

Ano ang dapat malaman

Ang ilang mga kautusan ay binabago upang mas mapadali para sa iyo ang pagkuha ng mga serbisyo habang nananatili sa tahanan.

Ang mga pagbabago ay magbibigay sa tauhan ng sentro ng rehiyon at mga tagapagkaloob ng mga serbisyo na iyong kailangan mula sa tahanan.

Ano ang nagbabago

Mga programang pang-araw

- Ang mga programa ay maaaring maganap sa pamamagitan ng telepono, bidyu o sa iyong tahanan kung iyong nais.

Paano at saan magaganap ang mga serbsiyo ng Individual Program Plan (IPP)

- Maaari mong hilingin ang ilan sa iyong mga serbisyo na maganap sa pamamagitan ng telepono o bidyu, o sa ibang lugar at hindi sa dati. Kukumpirmahin ng iyong sentro ng rehiyon ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng koreo.

Mga pormat sa pampublikong pagpupulong ng Sentro ng rehiyon

- Ang mga pampublikong mga pagpupulong na hindi magaganap sa pamamagitan ng telepono o bidyu ay maaaring maantala hanggang maaaring makilahok ang publiko nang personal.

- Ang mga pagpupulong tungkol sa serbisyo ng pagbili (karampatan o equity sa serbisyo) ay kailangan makumpleto sa Agosto 31, 2020. Ang mga ulat sa sentro ng rehiyon ay kailangan sa Disyembre 31, 2020.
- Ang mga pagpupulong ng Lupon ay magaganap pa rin, nang personal, o sa telepono o bidyu.

Oras ng pagtugon sa mga reklamo tungkol sa karapatan ng konsumer

- Tutugon kaagad ang mga sentro ng rehiyon sa mga reklamo na ito.
- Maaari mong asahan ang isang kasulatang tugon sa loob ng 40 na araw ng trabaho. Itong pagbabago na ito ay nagpapahintulot sa mga sentro ng rehiyon na magtuon ng pansin sa ibang mahalagang mga pag-alala sa panahon ng pagsiklab ng COVID-19.

Mga tanong para sa ilang pagsusuri at pagsasanay para sa tauhan ng sentro ng rehiyon at mga tagapagkaloob

Ang ilang mga pagsusuri at mga pagsasanay na hindi kaugnay sa kalusugan at kaligtasan ay ipinagpaliban. Ito ay magbibigay sa mga tauhan at mga tagapagkaloob ng oras upang magtuon ng pansin sa iyo.

Mga katanungan

Mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na sentro ng rehiyon. Kung hindi ka nila matulungan, paki-email sa DDSC19@dds.ca.gov.

Higit pang matuto

Tignan ang website ng departamento para sa [Madalas na mga Katanungan](#) tungkol sa mga pagbabago sa COVID-19.

Ang link ng buong teksto ng direktiba ng Departamento ng Pag-unlad ng serbisyo: [Gabay para sa Pleksibilidad ng Probisyon ng mga Serbisyo at mga Suporta ng mga Konsumer at mga Tagapagkaloob](#)